Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

File 2-3-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ENERO 31, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 055-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T2011/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2011 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANGDAAN LIMAMPU'T APAT NA LIBO TATLONGDAAN WALUMPU'T LIMANG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P254,385.60) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** ang halagang P254,385.60 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkaunlaran mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas ng nabanggit na barangay sa taong ito.

**SAPAGKA'T**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng Barangay San Jose.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, Ramon D. Tan at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2011 ng Sangguniang Barangay ng San Jose na naglalaan ng halagang P254,385.60 para sa 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan